

Para sa Kagyat na Paglalabas

019FIN0019-000248

Feb. 19, 2019

Ministri ng Pananal

Ang Badyet 2019 ay lumilikha ng mga oportunidad, ginagawang mas mahusay ang buhay para sa mga tao

VICTORIA – Ang Badyet 2019 ay lumilikha ng mga oportunidad para sa lahat ng mga taga-British Columbia sa pamamagitan ng paghahatid ng isang bagong B.C. Child Opportunity Benefit (Benepisyong Oportunidad para sa Bata ng B.C.) para sa mga bata na hanggang 18 taong gulang, tinatangal ang interes mula sa mga utang ng mag-aaral ng B.C., binabawasan ang mga buwis para sa mga negosyo at namumuhunan sa malinis na enerhiya at mga solusyon sa klima.

Ang Badyet 2019 ay gumagawa ng mga makasaysayang pamumuhunan sa mga tao at binabalanse ang badyet sa buong tatlong taon ng planong pananalapi na may mga sobra na \$274 milyon sa 2019-20, \$287 milyon sa 2020-21, at \$585 milyon sa 2021-22.

Ang mga mamamayan ng B.C. ay matagal nang nahirapan dahil ang nakaraang pamahalaan ay pinili lamang tulungan ang kakaunting nasa itaas habang ang iba ay lalo pang nahulog at higit pang napag-iwanan,” sinabi ni Carole James, Minister ng Pinansiya. “Ang Badyet 2019 ay nagbubukas ng mga pintuan para sa iyo at sa inyong pamilya sa pamamagitan ng paglalagay ng libu-libong dolyares pabalik sa inyong bulsa. Tinutulungan namin ang mga masisipag na Taga-British Columbian na makausad sa bawa’t yugto ng kanilang buhay, kahit saan man sila nagsisimula.”

Upang gawing mas abot-kaya ang pamumuhay para sa mga pamilya at matulungan ang bawa’t bata na maabot ang kanilang lubos na potensyal, ipinakikilala ng Badyet 2019 ang B.C. Child Opportunity Benefit (Benepisyong Oportunidad para sa Bata ng B.C.), na direktang magbabalik ng halos \$400 milyon sa mga pamilya ng Taga-British Columbia na nagpapalaki ng mga bata, simula Oktubre 2020. Para sa unang anak ng pamilya, ang benepisyo ay kasing-taas ng \$1,600 isang taon, na tumataas hanggang \$2,600 para sa dalawang mga bata at \$3,400 para sa tatlong mga bata. Ang mga pamilya ay tatanggap ng B.C. Child Opportunity Benefit (Benepisyong Oportunidad para sa Bata ng B.C.) simula sa araw na ipanganak ang bata hanggang umabot sa 18 taong gulang.

Ang benepisyong ito, kasama ng ganap na pag-aalis ng mga premium ng Medical Service Plan (MSP), ay magbibigay sa mga nasa gitnang-klaseng pamilya ng pinakamalaking kabawasan sa kanilang mga buwis sa isang henerasyon:

- Ang pamilya ng apat na kumikita ng \$60,000 ay mababawasan ng pamprobinsiyang buwis na hanggang 60%, kumpara sa 2016, na maglalagay ng mahigit sa \$2,500 na pabalik sa bulsa ng pamilya na ito.
- Ang pamilya ng apat na kumikita ng \$80,000 ay mababawasan ng pamprobinsiyang buwis na hanggang 43%, kumpara sa 2016, na maglalagay ng halos \$2,400 na pabalik sa bulsa ng pamilya na ito.

- Ang pamilya ng apat na kumikita ng \$100,000 ay mababawasan ng pamprobinsiyang buwis na hanggang 22%, kumpara sa 2016, na maglalagay ng halos \$1,600 na pabalik sa bulsa ng pamilya na ito.

Upang tiyak na matulungan ang mga kabataan na makayanang makapagsimula sa kanilang mga karera nang hindi nagpapasan ng utang, inalis ng Badyet 2019 ang interes mula sa lahat ng bago at umiiral na mga utang ng mag-aaral sa British Columbia. Sa ngayon, ang lahat ng mga utang ng mag-aaral ay hihinto sa pag-ipon ng interes. Nangangahulugan na ang pang-karaniwang nagtapos ay makakatipid ng \$2,300 na interes, batay sa isang \$28,000 pinagsamang pederal at probinsiyal na utang na may 10-taong panahon ng pagbabayad.

Ang Badyet 2019 ay nagpapalalim sa pangako ng Probinsiya sa pagkakamit ng tunay at pang-matagalang pakikipagkasundo sa mga katutubong mamamayan, na nagtatalaga ng tinatayang \$3 bilyon sa loob ng susunod na 25 taon para sa pinakamalaking pagbabahagi ng kita na kasunduan sa kasaysayan ng Mga Unang Nasyon ng B.C.

Ang badyet sa taong ito ay isusulong ang CleanBC sa pamamagitan ng pamumuhunan ng \$902 milyon upang tiyakin na ang B.C. ay makatutugon sa mga pagtatalaga nito sa klima at upang mapangalagaan ang malinis na hangin, lupa at tubig ng B.C.. Ang inisyatibong ito ay binuo ayon sa pag-sangguni sa B.C. Green Party caucus gaya ng ipinangako sa Confidence and Supply Agreement (Kumpidensiya at Panustos na Kasunduan).

Ang ekonomiya ng British Columbia ay maunlad dahil sa malakas na GDP at paglago ng sahod sa Canada. Malinaw na ang pagbabahagi ng mga benepisyo sa lahat ng mga Taga-British Columbia ay nagreresulta sa isang malakas na ekonomiya,” sinabi ni James. “Magkakasamang ginagawa natin ang ating bahagi upang labanan ang pagbabago ng klima at magtayo ng isang British Columbia kung saan ang lahat ay maaaring magtamasa ng mabuting buhay at siguraduhin ang kinabukasan ng komunidad na tinatawag nilang tahanan.”

Upang suportahan ang pangmatagalang paglago ng ekonomiya ng British Columbia, ang pamahalaan ay mamumuhunan ng \$20 bilyon sa loob ng tatlong taon upang itayo ng imprastruktura na kinakailangan ng B.C. upang umunlad, na lumilikha at sumusuporta sa libu-libong trabaho na may mabuting pasahod.

Karagdagan pa, ang Probinsiya ay mag-susulong nang higit sa \$800 milyon na mga kabawasan sa buwis ng negosyo sa loob ng planong pananalapi upang suportahan ang pamumuhunan sa mga bagong planta, makinarya at kagamitan, na kasama ang Pamahalaan ng Canada upang mapalakas ang pagiging kompetitibo ng B.C..

Ang Badyet 2019 ay nagpapatuloy na mamuhunan sa mas mabuting mga serbisyo para sa mga tao, kabilang ang pinabuting pangangalagang pangkalusugan, kalidad na edukasyon at abot-kaya, makukuhang pangangalaga sa bata. Bilang mga pangunahin, ang pamahalaan ay naghahatid ng mas maraming mga ospital at mas maikling panahon ng paghihintay, pagpopondo ng mga paaralan at libu-libong mga bagong guro, at magpapatuloy sa landas patungo sa isang unibersal, gawa sa-B.C. na programang pangangalaga ng bata.

Ginagawang mas abot-kaya ang pamumuhay

- Pagpapakilala ng bagong B.C. Child Opportunity Benefit (Benepisyong Oportunidad para sa Bata ng B.C.) – simula Oktubre 2020 – na magbibigay sa mga pamilya na may isang anak na hanggang \$1,600 bawat taon, dalawang anak na hanggang \$2,600 at tatlong mga anak na hanggang \$3,400. Sa loob ng panahon ng pagpapalaki ng bata, ang mga pamilyang may isang anak ay tatanggap na hanggang \$28,800. Para sa mga pamilyang may dalawang anak, ang bilang na iyon ay maaaring sumobra sa \$40,000 na suporta.
- Pag-aalis ng interes sa mga utang ng mag-aaral sa British Columbia. Simula Peb. 19, 2019, ang lahat ng mga pautang sa mag-aaral ng B.C. ay hihintong mag-ipon ng interes; makatitipid ang isang tao ng \$28,000 sa pinagsamang probinsiyal at pederal na mga utang ng mag-aaral ng \$2,300 sa loob ng 10-taong panahon ng pagbabayad.
- Ganap na pagtatanggal ng MSP premiums sa Enero 1, 2020, na makatitipid sa mga pamilya ng hanggang \$1,800 bawat taon.
- Pagtataas ng kita at antas ng tulong sa mayroong kapansanan ng karagdagang \$50 bawat buwan, na nangangahulugan na isang pagtaas ng \$150 bawat buwan, o \$1,800 bawat taon mula noong Badyet Update 2017.
- Pamumuhunan ng \$26 milyon na kita at pagpapahusay ng tulong para sa mayroong kapansanan tungo sa B.C. Employment Assistance program (Tulong sa Trabahong programa ng B.C.) upang matulungang alisin ang mga balakid sa pagkuha ng suporta, tulad ng pagtatanggal ng mga kinakailangan na nagpapahirap para sa mga mas matatanda, kabataan at mga taong may mga isyu sa kalusugang pang-kaisipan na makagamit ng programa; tumutulong sa mga tao na makakuha ng pagkakilala upang sila ay makakuha ng tulong sa kita; at pagpapalawak ng antas ng kanlungan para sa mga nagbabayad ng silid at board sa isang miyembro ng pamilya.
- Pamumuhunan ng \$6 na milyon taun-taon upang magbigay ng mga serbisyo ng pamamahinga para sa mga magulang na nagbibigay ng pangangalaga para sa mga batang mayroong kapansanan. Ito ay makabuluhang makakapag-pababa ng listahan ng paghihintay para sa mga serbisyo ng pamamahinga at dadagdagan ang benepisyo ng pamamahinga ng 10%.
- Pamumuhunan ng \$85 milyon upang suportahan ang mga bata na nasa pangangalaga sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga suportang bayad para sa mga foster parent, mga nag-aamong magulang at pinalawak na mga miyembro ng pamilya na nag-aalaga sa mga bata at sa pamamagitan ng pagtitiyak ng benepisyo ng pangangalaga ng bata mula sa mga benepisyo nang probinsiyal na buwis. Kasama dito ang 75% dagdag upang suportahan ang mga bayad para sa Extended Family Program (Pinalawak na Pamilyang Programa) at tumugon sa mga rekomendasyon mula sa mga katutubong komunidad at ulat ni Grand Chief Ed John.
- Pagbibigay ng pondo sa mga organisasyong pangkomunidad upang magpatakbo ng mga banko sa upa sa pamamagitan ng pagbibigay ng panandaliang mga pautang na may maliit hanggang walang interes sa mga nangungupahan na mababa ang kita na hindi makabayad ng kanilang upa dahil sa isang pinansiyal na krisis.
- Ipinakilala ang isang plano sa pagkilos para sa walang bahay gamit ang \$76-na milyong pamumuhunan na magsusuporta sa pagkuha ng lupa at mga serbisyo upang dalhin ang dami ng mga modular na tahanan para sa mga tao na nangangailangan sa kanila sa 2,200.

Paghahatid ng mas mabuting mga serbisyo para sa mga pamilya

- Pamumuhunan ng \$4.4 na bilyon sa loob ng tatlong taon upang palawakin at pabutihin ang mga ospital, medikal at dyagnostikong kasangkapan at mga sistema ng pamamahala ng impormasyong pangkalusugan upang tiyakin na ang mga pasyente ay may kalidad na pangangalaga na nararapat sa kanila.
- Pagbibigay ng \$105 milyon sa loob ng tatlong taon upang suportahan ang mga serbisyo sa pangangalagang panligtas ng buhay mula sa kanser na inihahatid ng BC Cancer Agency, kabilang ang pagdaragdag ng bilang ng mga operasyong kaugnay sa kanser, diagnostic imaging, PET at mga CT scan.
- Pagpapabuti ng pangangalaga sa kalusugang pang-kaisipan para sa mga Taga-British Columbian gamit ang \$74-milyong pamumuhunan na nagpopondo ng mga bagong inisyatibo na nakatuon sa pagpigil at maagang pamamagitan para sa mga bata, kabataan at nakababatang mga may sapat na gulang.
- Ang pagtaas ng suporta sa pamamagitan ng karagdagang \$30 milyon, para sa kabuuang \$608 milyon mula noong Badyet 2017 Update, upang tumulong na paglabanan ang krisis ng overdose sa droga sa B.C.. Ito ay makakatulong na palawakin ang akses sa mga nakapagliligtas ng buhay na mga naloxone kit at nagpopondo ng mga pilot programa upang tumulong na matugunan ang mataas na pangangailangan para sa paramediko sa mga rural at liblib na lugar ng B.C.
- Pagpapalawak ng Fair PharmaCare na programa ng B.C na may karagdagang \$42 milyon, na nagbibigay ng saklaw para sa mas maraming mga opsyon ng gamot na makakapag-pabuti ng mga resulta sa kalusugan ng mga Taga-British Columbia. Kabilang dito ang mga taong nabubuhay na may diyabetis, hika at alta-presyon.
- Pagbibigay ng higit sa \$550 milyon ng karagdagang mga suporta para sa pampublikong Sistema ng edukasyon sa B.C., kabilang ang \$58 milyon sa loob ng tatlong taon para sa Classroom Enhancement Fund (Pondo ng Pagpapahusay ng Silid-aralan) upang suportahan ang mas mahusay na silid-aralan para sa mga bata. Ito ay karagdagan pa sa mahigit na 4,000 bagong mga guro, pati na 1,000 mga katulong sa espesyal na edukasyon sa mga silid-aralan ng B.C..
- Isusulong ang may taunang pamumuhunan sa mga pilotong legal na klinika upang tumulong sa mga tao na makagamit ng mga legal na serbisyo na kailangan nila.
- Pagdaragdag ng \$111 milyon sa loob ng tatlong taon upang patuloy na palakasin ang mga pagsusumikap ng Probinsiya upang labanan ang mga napakalaking sunog.

Pamumuhunan sa isang malakas, napananatiling ekonomiya na gumagana para sa mga tao

- Paggawa ng mahigit sa \$20 bilyon ng kapital na pamumuhunan na pangunahin sa mga sector ng kalusugan, sektor sa transportasyon at edukasyon—ang pinakamalaking pamumuhunan imprastruktura sa kasaysayan ng B.C.. Ito ay lilikha ng libu-libong mga trabaho sa mga komunidad sa paligid ng B.C.
- Pagbibigay ng mahigit sa \$902 milyon para sa CleanBC, na naglalagay sa B.C. sa isang landas tungo sa mas malinis, mas maliwanag, mababang karbon na kinabukasan. Ito ay magbabawas ng polusyon sa hangin at makatitipid ng pera para sa mga pamilya sa pamamagitan ng Programang Malinis na Enerhiyang Sasakyan (Clean Energy Vehicle Program), mga insentibo para sa mga pagpapahusay ng tahanan na makatipid ng enerhiya, isang net-zero building code at mga programa upang tulungan ang mga komunidad sa

paglipat sa mas malinis na mga pinanggagalingan ng enerhiya.

- Pag-iiba-ibahin ang mga forest tenure at pag-gagawa, pagdaragdag ng pagpoproseso ng troso sa B.C. at pagsusuporta ng pakikipagtulungan sa mga stakeholder, kabilang ang mga katutubong pamahalaan gamit ang \$10-milyong pamumuhunan.
- Pamumuhunan ng \$18 milyon upang ipagpatuloy ang paggawa ng libre at magagamit na Adult Basic Education (Saligang Edukasyon ng may sapat na gulang) at English Language Learning (Pag-aaral ng Wikang Ingles) para sa mga tao na naghahanap na mag-upgrade ng kanilang mga kasanayan at umasenso.
- Pagdaragdag ng \$21 milyon upang palawakin ang mga serbisyong BC Transit at handyDART upang matulungan ang mga tao na ligtas na magbiyahe sa mahigit sa 30 lungsod at rural na komunidad sa probinsiya.
- Pagbibigay ng mahigit sa \$39 na milyon na mga baong pondo sa loob ng tatlong taon upang tiyakin na ang mga tulay at mga kalsada ng B.C. ay magpapanatili sa mga tao at kalakal na gumagalaw, at karagdagang \$4 na milyon upang mapabuti ang kaligtasan ng komersyal na sasakyan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga oras ng inspeksyon ng istasyon at naka-target na pagpapatupad.
- Pamumuhunan ng \$9 na milyon sa loob ng tatlong taon upang isagawa ang pangako ng pamahalaan na gawing moderno ang industriya ng taksi at bigyang kakayahan ang ride-hailing sa B.C. Kabilang dito ang pagpopondo para sa pinahusay na pagsunod ng sasakyan at mga aktibidad ng pagpapatupad, at sumusuporta sa bagong probinsiyal na tagapangasiwa, ang Passenger Transportation Board (Lupon ng Transportasyon ng Pasahero).
- Pagbibigay ng karagdagang \$15 milyon para sa BC Arts Council (Konseho sa Sining ng BC) upang magbukas ng mga pintuan para sa mga artista ng B.C., mga manunulat at mga manlilikha.
- Ang pagsasagawa ng isang makasaysayang \$20-milyong pamumuhunan upang pondohan ang isang makatarungan, independienteng lupon tagapangaasiwa sa sektor ng pagmimina.
- Pagbibigay ng halos \$14 na milyon sa loob ng tatlong taon upang baguhin ang mga pamantayan ng trabaho sa B.C. para sa mga proteksyon at pagpapatupad, pinananatiling ligtas ang mga tao sa trabaho.
- Upang tulungang ikonekta ang mga komunidad at mga negosyo, ang pamahalaan ay nagtatalaga ng \$50 milyon upang palawakin ang high-speed internet sa mga rural at malalayong komunidad sa buong B.C.

Mas Higit Na Alamin:

Para sa karagdagang mga detalye sa Badyet 2019, bisitahin ang: www.bcbudget.ca

Kontakin ang:

Ministro ng Pananalapi (Ministry of Finance)

Mga Komunikasyon

250 387-1248

Makipag-ugnay sa Probinsiya ng B.C. sa: news.gov.bc.ca/connect